

MAYOR SA LONDON

Bawasan ang inyong mga bayarin sa enerhiya ngayong taglamig

Panatiliing mas mainit ngayong taglamig at makatipid ng pera sa iyong mga bayarin sa enerhiya.


Kung ikaw ay may-ari ng isang bahay o pribadong nangungupahan at nasa mababang kita* o tumatanggap ng mga kinikilalang benepisyo, maaari kang makakuha ng tulong na hanggang £25,000 para mapainitan ang iyong bahay at makatulong na makatipid sa iyong mga bayarin sa enerhiya.

Mag-apply sa:

[london.gov.uk/warmerhomes](https://www.london.gov.uk/warmerhomes)

O tumawag nang libre sa 0800 029 3576

*£20,000 o mas mababa pa pagkatapos alisin ang bayarin sa pabahay at buwis.



Mag-apply para sa Mas Mainit na mga Tahanan

Paano ang proseso?

1. Ang programa ay bukas para sa mga taga London na may-ari ng bahay o pribadong nangungupahan na mababa ang kita at nakatira sa mga bahay na may Energy Performance Certificate na may rating na D-G.
2. Pagkatapos, ipapadala namin ang iyong aplikasyon sa aming katrabahong organisasyon, ang Retrofitworks, na siyang magtatasa nito.
3. Kung matagumpay ka, susuriin ng Retrofitworks ang iyong tahanan upang makita kung anong mga pagpapabuti ang maaaring gawin at pag-uusapan ninyo ang mga ito.
4. Kapag nakapagdesisyon ka na, darating ang isang kwalipikadong tagapag-ayos at pagawin ang trabaho ayon sa pinakamahusay na pamantayan.

Kung matagumpay, ano ang makukuha ko?

Ang Alkalde ay nag-aalok ng isang hanay ng mga libreng pagpapahusay upang makatulong na mabawasan ang inyong mga bayarin sa enerhiya, gawing mas komportable at makakamurang paraan na patakbuhan ang inyong tahanan.

Ang iaalok sa iyo ay nakadepende sa resulta ng iyong survey sa Retrofitworks. Ang inyong tahanan ay maaaring makatanggap ng:

- Insulasyon sa bubong
- Insulasyon sa lukab ng pader
- Insulasyon sa panlabas na pader
- Insulasyon sa sahig
- Pagpigil sa pasok ng lamig
- Mga heat pump
- Mga nababagong sistema ng enerhiya
- Bentilasyon

Para sa buong pamantayan sa pagiging kwalipikado, o para mag-apply, bisitahin ang: [london.gov.uk/warmerhomes](https://www.london.gov.uk/warmerhomes)

O tumawag nang libre sa **0800 029 3576**